POMPTONIAN
FOOD SERVICE

3 EDISON PLACE, FAIRFIELD, NJ 07004-3511 ● 973-882-8070 ● FAX: 973-882-6645
www.pomptonian.com

# Mga Kasanayan Kaugnay ng Allergy sa Pagkain

Ang kaligtasan at kapakanan ng mga mag-aaral na pinagseserbisyuhan namin ang aming pangunahing priyoridad. Bilang kusinang may kabatiran sa allergy, walang anumang meal na may kabatirang inihahanda sa aming equipment kasama ng anumang pagkain na may peanut/tree nut sa listahan ng mga sangkap ng manufacturer, bukod sa niyog. Mahalagang tandaan na posibleng maglaman ang mga pre-packaged na peanut butter at jelly sandwich o meryenda ng peanut/tree nut, depende sa mga kagustuhan ng mga distrito ng paaralan. Hinihikayat ang mga mag-aaral na may mga allergy sa pagkain, bukod sa peanut/tree, na mag-preorder ng meal.

Tandaang iba't iba ang meal na inihahanda at iniluluto ng mga Pomptonian na staff sa mga kusina. Para mapaliit ang posibilidad ng cross-contact, ang mga pini-preorder na meal ay inihahanda para sa mga mag-aaral na may mga naidokumentong allergy gamit ang mga sangkap na walang tukoy na allergen ng mga ito sa label ng manufacturer. Tiyaking may tala mula sa isang Doktor ng Medisina na naka-file sa opisina ng nurse.

Ang mga staff na naghahanda sa mga meal para sa mga mag-aaral na may mga espesyal na pangangailangan sa pagkain ay nakakatanggap ng tuluy-tuloy na pagsasanay sa pagbabasa ng label ng pagkain, procedure para sa cross-contact, at allergy sa pagkain. Nakakatanggap ang Mga Director ng Serbisyo sa Pagkain at Operations Manager ng buwanang pagsasanay sa allergy mula sa aming Director ng Mga Serbisyo sa Nutrisyon na si Toni Bowman, MBA, RDN, SNS. Bukod pa rito, Sertipikado sa ServSafe Allergy ang aming mga Operations Manager, Director ng Serbisyo sa Pagkain, at Director ng Mga Serbisyo sa Nurtrisyon.

Para sa mga magulang/tagapangalaga, sagutan ang buwanang menu na form sa pag-order para sa may allergy at ibalik ito sa cafeteria bago lumipas ang nakasaad sa takdang petsa. Para sa mga mag-aaral na maraming allergy sa pagkain, punan ang Kinakailangang Natatanging Menu para sa May Allergy (Unique Allergy-Aware Menu Needed) para hilinging gumawa ng natatanging menu para sa may allergy nang sa gayon ay matugunan ang mga partikular na pangangailangan sa pagkain ng iyong mag-aaral. Puwede ka ring makipag-ugnayan sa iyong Director ng Serbisyo sa Pagkain para sa iba pang tanong. Para sa kaginhawaan mo, puwede kang maglagay ng pondo sa account sa tanghalian ng iyong anak o puwede kang magbayad kasama ng form sa pag-order. Ang mga ipi-preorder na meal para sa may allergy ay ihahanda at ipa-package nang hiwalay, at lalagyan ng kaukulang label. Atasan ang iyong anak na sabihin sa food service worker na mayroon siyang na-preorder na meal at matatanggap ng iyong anak ang kanyang meal nang may pangalan niya. Makikita ang mga menu para sa pag-order ng may allergy dito: https://woodbridge.fdmealplanner.com/FOOD-ALLERGIES

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa kung bakit kasama sa aming pinakamahuhusay na kasanayan para sa pamamahala ng mga allergy sa pagkain ang pag-preorder ng tanghalian, basahin ang "Bakit Dapat Mag-preorder?" Kung kailangan mo pa ng tulong o higit pang impormasyon sa mga item sa menu, puwede ka naming iugnay sa aming Director ng Mga Serbisyo sa Nutrisyo na si Toni Bowman, MBA, RDN, SNS.

Hindi na kami makapaghintay na pagserbisyuhan ka.